


# Learning Guide



in

# Sibika at Kultura

## Grade III

## Pulo

**Learning Guide: Sibika at Kultura**
Pag-aari ng Pamahalaan • Hindi Ipinagbibili
Unang Limbag 2001

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 9 ng Atas ng Pangulo Bilang 49: "Walang karapatang-sipi ang anumang akda ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas. Gayunman, kung kakalakalin ito, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang gumawa nito."

Ang mga Learning Guides sa Sibika at Kultura ay inihanda ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Pang-Elementarya. Sadyang inihanda ang mga kagamitang ito upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan gayon din upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat na inihanda ng Instructional Materials Council Secretariat (IMCS).

Iba't ibang kagamitan ang ginamit tulad ng kuwento, tula, maikling dula-dulaan, mga kuwentong bayan at iba pa sa paglalahad ng kasanayang lilinangin kasama ang maraming pagsasanay na angkop sa mga mag-aaral sa mga paaralang elementarya.


**Mga Tagapamahala.** Dr. Lidinila M. Luis-Santos, *Direktor ng Proyekto*; Dr. Teresita G. Inciong, *Pangalawang Direktor ng Proyekto*; Dr. Merlita A. Nolido, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum*; Ms. Corazon L. Galang, *Dating Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum*.

**Mga Manunulat.** Elizabeth J. Escaño, *Tagapag-ugnay ng Proyekto*; Elizabeth J. Escaño, Federico L. Reyno, Ofelia H. Eustaquio, Noel P. Miranda, Aurea S. Duran, Celia C. Juachon, Marion Grace A. Murillo, *Mga Kasapi*; Erlinda Andal, *Tagamasid, Sangay ng Manila*; Angelita Cagalingan, *Tagamasid, Sangay ng Pasig*, Carmencita Magabo, *Tagamasid, Sangay ng Makati*; Rosalinda Palacao, *Sangay ng Cavite*, Araceli Rivera, *Sangay ng Rizal*; Remedios G. Pardo, Herminia G. Valenzuela, Rowena B. Dino, Glenda P. Monterozo, Myrna D. Latoza, Ferdinand S. Bergado, Wilson T. Sy, Julius Peter M. Samulde, Romeo A. Granadozin, *Mga Katulong sa Paghahanda*, Eric S. de Guia, Fermin M. Fabella, *Mga Gumuhit ng Larawan*.

**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**Curriculum Development Division**

| | |
|---|---|
| Office Address: | 2nd Floor, Bonifacio Bldg.<br>DECS Complex, Meralco Avenue<br>Pasig City |
| Telephone No.: | 632-13-61 loc. 2055/2174/2175 |
| Fax No.: | 633-72-70 |

## ALAMIN



Barko, barko

Eroplano, eroplano

Saan nga ba ang tungo ninyo?

Basahin ang tugma.

Sagutin:

- Nakakita na ba kayo ng eroplano o barko?
- Hindi ba kayo nag-iisip kung saan ang punta ng mga ito?
- Saan nga ba ang tungo nila?
- Nakarating na ba kayo sa ibang lugar?
- Saan?
- Anong uri ng lugar ito?

Sa pag-aaral ng modyul na ito ay makikilala mo kung ano ang isang pulo.



## PAG-ARALAN

### PAGHAHANDA

**1. Gagawin Ko**

- Ituro sa mapa ng Pilipinas kung saan gustong pumunta.
- Alamin kung ano ang nasa paligid ng lugar na ito.

**2. Gagawin Namin**

- Pag-usapan.
  - lugar na gustong puntahan
  - mga bagay na napaliligiran ng mga ito.

## PAGLINANG NG KASANAYAN

### 1. Gagawin Namin

- Basahin ang dayalogo.



## 2. Sa Tulong ng Guro

- Hanapin sa mapa kung saan makikita ang Camiguin Island.
- Talakayin ang sumusunod:
  - paraan ng pagpunta roon
  - bakit ganoong sasakyan ang kailangan
  - ang nakapaligid sa Camuigin
  - ang tawag sa lugar na napapaligiran ng tubig
- Tingnan ang mapa ng buong Pilipinas.
- Alamin:
  - kung ito ay napaliligiran ng tubig
  - ang tatlong malalaking pulo
  - bakit tinatawag na pulo ang mga ito
  - kung pare-pareho ang laki ng mga pulo
  - kung ilang pulo mayroon ang Pilipinas

## 3. Gagawin Namin

- Magpangkat-pangkat sa tatlo – A, B, C.
- Sa tulong ng mapa itala ang mga pulo na kasama sa bawat malaking pulo.

A – Luzon B – Visayas C – Mindanao


- Alamin ang malaking pulo at ang pinakamaraming maliliit na pulo.


## 4. Sa Tulong ng Guro


- Iwasto ang gawain.
  - Ang pangkat ng mga pulo ay tinatawag na kapuluan.
  - Matatawag bang kapuluan ang Pilipinas? Bakit?


**PAGSASANAY**

1. Lagyan ng tsek (√) ang mga pulo sa larawan.







2. Bakit tinatawag na pulo ang isang lugar?

3. Bakit tinatawag na kapuluan ang Pilipinas?

4. Ano ang pagkakaiba ng pulo sa ibang lugar?

5. Anu-ano ang tatlong pinakamalaking pulo sa Pilipinas?

**TANDAAN**

- Ang pulo ay anyong lupa na napaliligiran ng tubig.
- Iba-iba ang laki ng mga pulo
- Ang Pilipinas ay isang kapuluan.



**PAGLALAPAT**

Magsaliksik kung mayroong mga pulo sa inyong lalawigan.

Alamin:

- ang pangalan ng mga pulo
- kung may naninirahan dito

## SUBUKIN

Isulat ang tamang sagot.

1. Ang anyong lupa na napaliligiran ng tubig ay tinatawag na __________.

2. Ang Pilipinas ay isang __________.


3. Ang Pilipinas ay binubuo ng __________ pulo.

Sagutin ang sumusunod na tanong.

4. Bakit tinatawag na kapuluan ang Pilipinas?

5. Anu-ano ang mga pinakamalalaking pulo sa ating bansa?

6. Anu-ano ang mga pulong bumubuo sa Pilipinas?



## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Magsaliksik tungkol sa mga karatig pulo ng Pilipinas.

Alamin:

- kung ano ang ngalan ng mga pulong ito